BAKUNA LABAN SA BULUTONG-TUBIG

ANG DAPAT NINYONG MALAMAN

1 Bakit kailangang magpabakuna?

Ang bulutong-tubig (tinatawag ding varicella) ay isang pangkaraniwang sakit ng bata. Ito ay karaniwang magaan, pero maaari itong maging malubha, lalo na sa mga bata pang sanggol at taong may sapat na gulang.

- Ang virus ng bulutong-tubig ay maaaring kumalat mula sa isang tao tungo sa ibang tao sa pamamagitan ng hangin, o sa pagsagi sa tubig mula sa mga paltos ng bulutong-tubig.
- Nagiging sanhi ito ng singaw (butlig-butlig), pangangati, lagnat, at pagkapagod.
- Maaari itong humantong sa malubhang impeksiyon sa balat, mga pilat, pulmunya, pinsala sa utak, o kamatayan.
- Ang taong nagkaroon na ng bulutong-tubig ay maaaring magkaroon ng masakit na singaw na tinatawag na buni pagkaraan ng mga taon.
- Mga 12,000 tao ang naoospital dahil sa bulutong-tubig taun-taon sa Estados Unidos.
- Mga 100 tao ang namamatay taun-taon sa Estados Unidos dahil sa bulutong-tubig.

Ang bakuna laban sa bulutong-tubig ay maaaring makapigil sa bulutong-tubig.

Karamihan sa mga taong binigyan ng bakuna laban sa bulutong-tubig ay hindi magkakaroon ng bulutong-tubig. Pero kung ang taong binakunahan ay *nagkaroon* pa rin ng bulutong-tubig, ito ay karaniwang napakagaan lamang. Magkakaroon sila ng mas kaunting marka, mas malamang na hindi magkaroon ng lagnat, at mas madaling gagaling.

2 Sino ang dapat bigyan ng bakuna laban sa bulutong-tubig at kailan?

✔ **Ang mga bata ay dapat bigyan ng 1 dosis ng bakuna laban sa bulutong-tubig sa mga edad na nasa pagitan ng 12 at 18 buwan,** o sa anumang edad pagkaraan kung hindi pa sila nagkaroon ng bulutong-tubig.

Ang mga taong hindi nabigyan ng bakuna hanggang 13 taon ang edad o mas matanda pa ay dapat bigyan ng **2 dosis**, 4-8 linggo ang pagitan.

Itanong ang mga detalye sa inyong doktor o nars.

Ang bakuna laban sa bulutong-tubig ay maaaring ibigay kasabay ng iba pang mga bakuna.

3 May mga tao na hindi dapat bigyan ng bakuna laban sa bulutong-tubig o dapat maghintay

- Hindi dapat bigyan ng bakuna laban sa bulutong-tubig ang mga taong nanganib na ang buhay dahil sa reaksiyong alerhiya sa **gelatin**, sa antibiotic na **neomycin**, o (para sa mga nangangailangan ng ikalawang dosis) **sa naunang dosis ng bakuna laban sa bulutong-tubig.**
- Ang mga tao na may kainaman o malubhang karamdaman sa oras na nakaiskedyul ang bakuna ay karaniwang dapat maghintay hanggang sa gumaling bago bigyan ng bakuna laban sa bulutong-tubig.
- Ang mga buntis ay dapat maghintay na makapanganak muna bago sila bigyan ng bakuna laban sa bulutong-tubig. Ang mga babae ay hindi dapat magbuntis 1 buwan pagkatapos tumanggap ng bakuna laban sa bulutong-tubig.
- May mga taong kailangan munang magtanong sa kanilang doktor kung sila ay dapat bigyan ng bakuna laban sa bulutong-tubig, kabilang ang sinuman na:
  - May HIV/AIDS, o ibang sakit na nakakaapekto sa sistemang panlaban sa sakit
  - Ginagamot ng mga droga na nakakaapekto sa sistemang panlaban sa sakit, tulad ng mga steroid, nang 2 linggo o mas matagal pa
  - May anumang uri ng kanser
  - Ginagamitan ng mga eksrey at droga upang gamutin ang kanser
- Ang mga taong kamakailan ay sinalinan ng dugo o binigyan ng ibang produktong dugo ay dapat magtanong sa kanilang doktor kung kailan sila maaaring bigyan ng bakuna laban sa bulutong-tubig.

Magtanong sa inyong doktor o nars para sa karagdagang impormasyon.

4 Ano ang mga panganib mula sa bakuna laban sa bulutong-tubig?

Ang bakuna, tulad ng ibang gamot, ay maaaring maging sanhi ng mabibigat na problema, tulad ng malulubhang reaksiyong alerhiya. Napakaliit ng panganib na ang bakuna laban sa bulutong-tubig ay maging sanhi ng malubhang pinsala, o kamatayan.

Mas ligtas na tumanggap ng bakuna laban sa bulutong-tubig kaysa magkaroon ng mga sakit na ito.

Karamihan sa mga taong tumanggap ng bakuna laban sa bulutong-tubig ay hindi nagkakaroon ng anumang problema rito.

Magagaan na Problema

- Pananakit o pamamaga sa lugar na binakuhanan (mga 1 sa 5 bata at maaaring 1 sa 3 adolesente at matanda)
- Lagnat (1 tao sa 10, o mas kaunti)
- Kaunting singaw (butlig-butlig), hanggang isang buwan pagkatapos ng pagbakuna (1 tao sa 20, o mas kaunti). Ang mga taong ito ay maaaring makahawa ng ibang miyembro ng kanilang sambahayan, pero ito ay *labis* na bihira.

Mga Kainamang Problema

- Sumpong (pag-alog o pagtitig) sanhi ng lagnat (kulang sa 1 tao sa 1,000).

Mabibigat na problema (Bihirang-bihira)

- Pulmunya (bihirang-bihira)

May iba pang malubhang problema, kabilang ang matinding reaksiyon ng utak at mababang bilang ng dugo, na iniulat pagkatapos ng pagbakuna laban sa bulutong-tubig. Ang mga ito ay bihirang-bihirang mangyari at hindi masabi ng mga eksperto kung ang sanhi ay bakuna o hindi. Kung dahil sa bakuna, ito ay labis na bihira.

5 Paano kung may kainaman o malubhang reaksiyon?

Ano ang dapat kong tingnan?

Anumang hindi pagkaraniwang kondisyon, tulad ng malubhang reaksiyong alerhiya, mataas na lagnat o pagbabago ng ugali. Sa mga tanda ng malubhang reaksiyong alerhiya ay maaaring kabilang ang paghihirap huminga, pamamaos o pagsingasing, pamamantal, pamumutla, panghihina, mabilis na tibok ng puso o pagkahilo sa loob ng ilang minuto hanggang ilang oras pagkatapos ng pagbakuna. Ang mataas na lagnat o sumpong, kung mangyari, ay magaganap 1 o 6 na linggo pagkatapos ng pagbakuna.

Ano ang dapat kong gawin?

- Tumawag ng doktor, o dalhin kaagad ang may-sakit sa doktor.
- Sabihin sa inyong doktor kung ano ang nangyari, ang petsa at oras na nangyari ito, at kung kailan ibinigay ang bakuna.
- Sabihin sa inyong doktor, nars o kagawaran ng kalusugan na magharap ng form ng (Sistema ng Pag-uulat ng Masamang Pangyayari sa Bakuna) Vaccine Adverse Event Reporting System (VAERS), o tumawag kayo mismo sa VAERS sa **1-800-822-7967.**

6 Pambansang Programang Pagbabayad sa Pinsala sa Bakuna

Sa bihirang pagkakataon na kayo o ang inyong anak ay nagkaroon ng malubhang reaksiyon sa isang bakuna, isang pederal na programa ang nilikha upang tulungan kayong bayaran ang pangangalaga sa mga napinsala.

Para sa mga detalye tungkol sa (Pambansang Programang Pagbabayad sa Pinsala sa Bakuna) National Vaccine Injury Compensation Program, tumawag sa **1-800-338-2382** o bisitahin ang website ng programa sa http://www.hrsa.gov/osp/vicp/

7 Paano ako makakakuha ng karagdagang kaalaman?

- Magtanong sa inyong doktor o nars. Maaari silang magbigay ng paketeng paningit tungkol sa bakuna o magmungkahi ng ibang mapagkukunan ng impormasyon.
- Tawagan ang programa sa imyunisasyon ng inyong lokal na kagawaran ng kalusugan o kagawaran ng kalusugan ng estado.
- Kontakin ang (Mga Sentro sa Pagkontrol at Pagpigil ng Sakit) Centers for Disease Control and Prevention (CDC):
  - Call 1-800-232-4636 (1-800-CDC-INFO)
  - Bisitahin ang website ng (Pambansang Programang Imyunisasyon) National Immunization Program sa **http://www.cdc.gov/nip**

U.S. DEPARTMENT OF HEALTH & HUMAN SERVICES
Centers for Disease Control and Prevention
National Immunization Program

Vaccine Information Statement
Varicella IMM-494ML Tagalog (12/16/98) 42 U.S.C. § 300aa-26

Translated by Transcend Translations, Davis, CA